BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## DAGDAG NA MGA IDEYA TUNGKOL SA PAGBASA

**Magkasama sa pagbasa**

Kapag kasamang nagbabasa ang iyong anak:

- hayaan na tingnan niya ang mga larawan sa aklat upang makakuha siya ng ideya kung ano ang kuwento
- pag-usapan ang tungkol sa nangyayari sa kuwento at sa mga larawan
- ituro sa kanya ang mga pinakamahalagang salita sa kuwento at ipaliwanag ang mga salitang maaaring hindi niya nauunawaan
- himukin siyang sumali sa pagbigkas ng mga nagtutugmang mga salita o kataga na inuulit-ulit sa buong kuwento
- tumigil sandali at magtanong: Ano sa palagay mo ang susunod na mangyari? Bakit mo naiisip iyon? – tanggapin niyo ang kanyang mga sagot kahit hindi lubusang na tama
- tanungin siya tungkol sa mga pangyayari at mga tauhan sa libro
- pag-usapan ang kuwento o hayaan siyang isalaysay muli ang kuwento sa sariling mga salita kapag natapos na kayong magbasa - makakatulong itong malaman niya ang simula, gitna at katapusan ng kuwento
- sagutin niyo ang kanyang mga tanong kahit na matigil ang pagdaloy ng kuwento - tandaan na hiniling niyo ang kanyang mga palagay!

**Talagang mahalaga na lagi niyong pinupuri ang iyong anak habang natututo itong bumasa. Purihin niyo siya kapag nagsisikap siyang magbasa ng isang aklat. Iwasan niyong mamintas kung sakaling magkamali siya, kahit para sa iyo ay parang madali ito. May mga batang kailangan ng maraming pagsasanay at pagpupuri.**

**Maraming mga bagay na maaaring basahin, kasama ang mga pambatang tula; aklat ng mga kuwento; aklat ng mga di-kathang (non-fiction) kuwento; aklat tungkol sa mga dinosauro at mga alagang hayop; aklat na magkasama niyong ginagawa; mga nakakatawang aklat; mga website at aklat na CD; mga komiks; mga pahayagan; mga katalogo at mga magasin; mga aklat ng pagluto, mga mapa ng mga kalye; at mga diksyunaryo.**

**Mga pamamaraan ng pagbasa**

- Kapag ang iyong anak ay nakakita ng isang salita na hindi niya alam, sabihin niyo sa kanyang tingnan ang mga titik ng salita at hayaan siyang subukang bigkasin ang mga tunog nang buo o mga bahagi ng salita – bigyan siya ng sapat na panahon para gawin ito.
- Kung sa palagay niyo ay alam ng iyong anak ang isang salita, sabihin niyo sa kanya na balikan ang simula ng pangungusap at subukan niya muli. Paminsan-minsan makakatulong ito na bigyan siya ng ideya ng salita, kung pakikinggan niya ang natitirang bahagi ng kuwento.
- Kung sa iyong palagay ay hindi alam ng iyong anak ang isang salita, bigkasin ang salita para sa kanya at pagkatapos ay himukin siyang ipagpatuloy ang pagbasa.
- Sa katapusan ng kuwento, balikan ang mga salitang hindi alam at tulungan siyang malaman kung ano ang mga ito.

**Ang mga batang nasisiyahang magbasa sa bahay ay malamang magiging mas matagumpay sa mga gawain sa maagang pagbasa sa paaralan.**

Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015